

# Karapat-dapat

Nagbibigay ang Community Living British Columbia (CLBC) ng mga suporta at serbisyo sa mga karapat-dapat na nasa wastong edad at kanilang mga pamilya. Ang CLBC ay may patakaran sa pagiging karapat-dapat upang matulungan ang mga taong maunawaan ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat, at upang matulungan ang kawaning makagawa ng pantay-pantay at patas na mga pagpapasya. Sinasagot ng pilyego ng impormasyong ito ang ilang mga karaniwang tanong tungkol sa aming patakaran sa pagiging karapat-dapat.

**Upang makatanggap ng mga serbisyo ng CLBC, ang kasapi ng iyong pamilya ay dapat na 19 na taong gulang o higit pa ngunit maaaring mag-apply para sa pagiging karapat-dapat pagkatapos ng kanilang ika-16 na kaarawan.**

## Sino ang karapat-dapat para sa CLBC?


- Nagbibigay ang CLBC ng mga suporta para sa mga nasa wastong edad na may mga kapansanan sa pag-develop.
- Nagbibigay ang Pangunguna sa Isinapersonal na Suporta (PSI o Personalized Supports Initiative) ng CLBC ng mga serbisyo para sa mga nasa wastong edad na mayroong *parehong* makabuluhang limitasyon sa adaptive functioning *at* alinman sa nasuri na may Fetal Alcohol Spectrum Disorder (FASD) o Autism Spectrum Disorder (ASD) (ang ASD ay opisyal na tinukoy bilang Pervasive Developmental Disorder).

Mayroong dalawang hanay ng pamantayan para sa pagiging karapat-dapat ang CLBC. Upang maging karapat-dapat, ang isang tao ay dapat na 19 na taong gulang o higit pa at dapat na makamit nila ang lahat ng pamantayan para sa alinman sa Kapansanan sa Pag-develop o ang Pangunguna sa Isinapersonal na Suporta.

## Paano kinukumpirma ng CLBC ang pagiging karapat-dapat?

Ang iyong miyembro ng pamilya ay kailangang may mga tukoy na dokumento, tulad ng mga propesyonal na pagtatasa na nagpapakita na nakamit nila ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng CLBC. Tinatanggap ng CLBC ang mga nakasulat na pagtatasa na nakumpleto ng ilang aprubadong mga propesyonal, para sa bawat magkakaibang mga pagtatasa.

Ang mga tagapangasiwa ng CLBC ay ang responsable para sa pagkumpirma ng pagiging karapat-dapat. Binabase nila ang kanilang pagpapasya sa impormasyong ibinigay sa nakasulat na mga pagtatasa at mga dokumentong iyong isinumite.



Maaaring bigyan ka ng tagapangasiwa ng mga detalye tungkol sa mga propesyonal na maaaring magkumpleto sa mga tukoy na pagtatasa. Maaari ring sagutin ng tagapangasiwa ang anumang tanong na mayroon ka tungkol sa pagiging karapat-dapat.

## PAMANTAYAN para sa PAGIGING KARAPAT-DAPAT

### Kapansanan sa Pag-develop Ang isang nasa wastong edad ay may:

- kapansin-pansing diperensya sa pag-iisip
- kapansin-pansing diperensya sa adaptive functioning
- dapat na nagsimula ang mga limitasyong ito bago ang edad an 18

### Pangunguna sa Personal na Suporta Isang nasa wastong edad na walang kapansanan sa pag-develop ngunit mayroong:

- kapansin-pansing limitasyon sa adaptive functioning

#### AT MAAARING

- kinakitaan ng Fetal Alcohol Spectrum Disorder (FASD)
- 
- nasuring may Autism Spectrum Disorder (ASD) (ang ASD ay opisyal na tinutukoy bilang Pervasive Developmental Disorder)



COMMUNITY LIVING  
BRITISH COLUMBIA

## **Anong mga dokumento ang kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat para sa taong may Kapansanan sa Pag-develop?**

Ang kasapi ng iyong pamilya ay mangangailangan ng pagtatasang nakumpleto ng isang aprubadong propesyonal na malinaw na nagpapahayag na nakamit nila ang “Pamantayan sa Pagsusuri para sa Mental Retardation” na binanggit sa DSM-IV-TR.

Maaari ring isumite ang Form ng Buod ng Pagtatasa ng CLBC kung nakumpleto ang seksyon A ng isang aprubadong propesyonal.

## **Anong mga dokumento ang kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat para sa Pangunguna sa Isinapersonal na Suporta (PSI o Personalized Supports Initiative)?**

Kakailanganin ng iyong miyembro ng pamilya ang:

- Form ng Buod ng Pagtatasa ng CLBC na nakumpleto ng isang aprubadong propesyonal, AT
  - Isang ulat sa Adaptive Functioning na nakumpleto ng isang aprubadong propesyonal na nagsasabing ang tao ay may makabuluhang limitasyon sa adaptive functioning. Tatanggapin ng CLBC ang isa sa tatlong mga tool sa pagtatasa para sa ulat sa Adaptive Functioning. Dapat na banggitin ng ulat sa pagtatasa kung aling tool sa pagtatasa ang ginamit, AT *ALINMAN SA*
- A.** Mga pagtatasang kumukumpirma sa pagsusuri ng FASD na kinumpleto ng isang aprubadong propesyonal, o
- B.** Mga pagtatasang kumukumpirma sa pagsusuri ng ASD na kinumpleto ng isang aprubadong.

## **Paano ako mag-a-apply para sa mga suporta sa nasa wastong edad ng CLBC para sa aking anak na wala pa sa wastong edad?**

Susuriin ng CLBC ang mga dokumento para sa mga kabataan pagkatapos nilang maging 16 na taong gulang. Nais na kumpirmahin ng CLBC ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa mga serbisyong para sa nasa wastong edad pagkatapos agad ng kanilang ika-16 na kaarawan. Mahalaga ang pagsisimula nang maaga sa prosesong ito. Kung ina-access ng iyong anak ang mga suporta at serbisyo ng Ministry of Children and Family Development, maaari mong hilingin sa iyong manggagawa ng MCFD para sa tulong sa pagpapalano sa paglipat at sa pagkuha sa dokumentasyon sa pagtatasa.

## **Gaano katagal bago malaman kung karapat-dapat ang kasapi ng aking pamilya para sa mga serbisyo sa nasa wastong edad ng CLBC?**

Sa sandaling naisumite na ang lahat ng mga kinakailangang dokumento, susuriin ng tagapangasiwa ng CLBC ang mga dokumento at ipapaalam sa iyo ang tungkol sa pagiging karapat-dapat o sasabihin sa iyo kung kailangan ng iba pang impormasyon.

Kung minsan, hindi agad na naisusumite ang lahat ng mga kinakailangang dokumento o hindi malinaw mula sa mga dokumento ng pagtatasa kung karapat-dapat ang isang tao para sa CLBC. Maaaring magtagal ng ilang linggo o kahit na buwan

upang makuha ang lahat ng mga kinakailangang dokumento sa CLBC kaya napakahalagang maagang simulan ang proseso.

## **Paano ko malalaman ang resulta ng pagpapasya sa pagiging karapat-dapat?**

Sa sandaling nagawa na ang pagpapasya, makakakuha ka ng liham mula sa tagapangasiwa ng CLBC na nagsasabi sa iyo kung karapat-dapat ang miyembro ng iyong pamilya para sa mga serbisyo sa nasa wastong edad ng CLBC

## **Anong mangyayari pagkatapos na makumpirma ang pagiging karapat-dapat?**

Makikipag-ugnay sa iyo at sa miyembro ng iyong pamilya ang isang tagapangasiwa ng CLBC at kakausapin ka tungkol sa mga susunod na hakbang, mga timeline at mga posibilidad sa hinaharap. Magtatala rin ang tagapangasiwa ng impormasyon tungkol sa mga hiling sa serbisyo. Bibigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga proseso ng CLBC at mga may-katurang patakaran.

## **Maaari ba akong mag-apply para sa CLBC mula sa labas ng BC?**

Oo, ngunit dapat mong sundin ang parehong proseso at isumite ang parehong mga dokumento tulad ng sinuman sa BC. Bagama't maaari kang mag-apply para sa suporta sa CLBC mula sa labas ng BC, hindi ka maaaring makatanggap ng mga serbisyong pinondohan ng CLBC hanggang sa aktwal na lumipat ka sa BC.

*Ito ay isa lamang pilyego ng impormasyon. Mangyaring sumangguni sa Patakaran sa Suporta at Serbisyo ng Pagiging Karapat-dapat para sa CLBC para sa mga tukoy na detalye [www.communitylivingbc.ca](http://www.communitylivingbc.ca) sa ilalim Policies and Publications > Policies.*

## **Paano mag-apply sa CLBC**

**Para sa kabatang nag-a-access na sa mga suporta ng Ministry of Children and Family Development (MCFD), ang iyong unang hakbang ay upang makipag-ugnay sa iyong manggagawa sa MCFD para sa tulong sa paglipat.**

**Para sa mga nasa wastong edad, ang unang hakbang ay para makipag-ugnay sa iyo o ng kasapi ng iyong pamilya sa isang tagapangasiwa ng CLBC na maaaring sabihin sa iyo ang tungkol sa:**

- **mga kinakailangang dokumento.**
- **ang aprubadong mga propesyonal na maaaring magkumpleto sa kinakailangang dokumento, pagtatasa at magsasagawa ng mga pagsusuri.**

Para sa mga nasa wastong edad, simulan ang proseso ng pag-apply sa pamamagitan ng pagtawag sa CLBC. Toll Free: 1 877-660-2522